Programang Kaloob sa Kapasidad ng Pamayanang May Iba't Ibang Kultura

Ang programang Kaloob sa Kapasidad ng Pamayanang May Iba't Ibang Kultura (Multicultural Community Capacity Grant) ay tutulong sa pagtatayo ng diverse at naglalakip na mga komunidad sa pamamagitan ng pagpapahusay sa kakayahan ng mga bagong dating at mga pamayanan na etno-kultural upang lumahok nang lubos sa sibika, kultural, panlipunan at pang-ekonomiyang buhay sa Ontario.

Ang programang ito sa kaloob ay magbibigay ng mga panustos sa mga proyekto sa buong Ontario na tumutugon sa isa o higit pa sa mga sumusunod na prayoridad:

- Sibikang pakikilahok – Padaliin ang pakikilahok ng komunidad, integrasyon ng lipunan at pagboboluntaryo upang itaguyod ang pagsali ng mga imigrante at mga komunidad na etno-kultural.
- Mga ugnayang panlipunan – Itaguyod ang mga ugnayang panlipunan at networking ng pangengempleo, kabilang ang mga programa na nagpapababa sa mga balakid at dagdagan ang suporta para sa mahihinang pangkat.
- Edukasyon at pagbibigay-lakas – Itaguyod ang pang-unawa sa iba't ibang kultura at buwagin ang mga hadlang sa paglahok sa buhay at pagpapasya sa pamayanan.
- Pagbibigay-lakas sa kababaihan – Suportahan ang pagbibigay-lakas sa pamamagitan ng pagtulong sa mga kababaihang mula sa iba't ibang kultural na background para makamit nila ang kanilang buong panlipunan at pinansiyal na makakaya..
- Pagbuo ng kapasidad at pagtutulungan – Buuhin ang kapasidad ng imigrante at mga samahang may iba't ibang kultura, at itaguyod ang pagtutulungan sa pagitan ng mga tagabigay ng serbisyo, para mas mapaglingkuran nang mabuti ang bagong dating at mga etno-kultural na mga pamayanan.

Ang mga kaloob o grant sa pagitan ng $1,000 at $8,000 ay mapapakinabangan para sa mga proyektong tumutugon sa mga prayoridad na ito. **Ang mga proyekto ay kailangang mag-umpisa sa Abril 1, 2018, at magwawakas sa Marso 31, 2019.**

Sino ang maaaring mag-aplay para sa pagpopondo?

Stream 1: Ang mga indibidwal na kumakatawan sa isang hindi corporated (binuong maging legal na korporasyon) na mga organisasyong hindi pantubo na nakatuon sa mga bagong dating at/o etno-kultural na mga pamayanan na pinatatakbo nang hindi bababa sa isang taon ay maaaring mag-aplay para sa mga kaloob sa pagitan ng **$1,000 at $3,000.**

Stream 2: Ang mga organisasyong incorporated bilang isang hindi pantubo na may bisyon, misyon o mga aktibidad na nakatuon sa mga bagong dating at/o etno-kultural na mga pamayanan, at incorporated nang hindi bababa sa isang taon ay maaaring mag-aplay para sa mga kaloob sa pagitan ng **$3,000 at $8,000.**

Paano ako aaplay para sa pagpopondo?

Basahin ang mga gabay sa aplikasyon at kunin ang mga tagubilin ng aplikasyon at form sa **ontario.ca/multiculturalgrants.**

Kailan ang deadline ng aplikasyon?

Ang deadline para isumite ang aplikasyon ay **4:00 p.m.E.S.T. sa Enero 23, 2018.**

Mga Tanong?

Mangyaring makipag-ugnayan sa Regional Services Branch ministry contact para sa karagdagang impormasyon.
Makipag-ugnayan sa Tagapayo ng Rehiyonal na Ministri sa pamamagitan ng teleponong walang bayad sa sumusunod na mga tanggapang rehiyonal:

- Sentral na Rehiyon: 1-877-395-4105
- Hilagang Rehiyon: 1-800-465-6861
- Silangang Rehiyon: 1-800-267-9340
- Kanlurang Rehiyon: 1-800-265-2189

O i-email ang iyong tanong sa **multiculturalgrants.inquiries@ontario.ca.**

Ontario